MOOG*
ni J. Dennis C. Teodosio

"*Narinig ko ang ingay na mahal ko,*
ang ingay ng tinig ng mga tao."

- VIRGILIO S. ALMARIO
Muli, Sa Kandungan Ng Lupa

MGA TAUHAN:

BOYONG	Nasa 65 taong gulang
SEPA	Nasa 60 taong gulang
JUNIOR	Nasa 28 taong gulang
NENENG	Nasa 25 taong gulang
JUNJUN	Nasa 7 taong gulang

TAGPUAN:

Sa isang baryo, marahil malayo sa Kalakhang Maynila.

PANAHON:

Kasalukuyan.

Bubungad sa atin ang hapag-kainan ng isang payak na tahanan.

Ang aandap-andap na liwanag lamang ng isang *Coleman* ang nakatanglaw sa kabuuan ng tanghalan.

Mapupuna nating tagpi-tagpi ang dingding. Halatang isinalba lamang iyon.

* National Winner sa Timpalak Teatro Bulawan (One-Act Playwriting Contest) sa Pagtataguyod ng National Commission for Culture & the Arts noong Ika-3 ng Enero, 2004

Abala sa paghahain ng hapunan si SEPA. Katulong niya si NENENG.

Kikidlat.

SEPA
(Magugulat.)
Hesusmaryosep!...

Mabilis na mapapaantanda si SEPA.

SEPA
(Sa sarili na lang.)
Galit na naman ang langit...

Mapupuna nating hirap nang kumilos si NENENG. Dahil sa laki at pintog ng tiyan niya, alam nating halos kabuwanan na niya.

Nakaupo naman sila JUNIOR at JUNJUN. Masayang naghihintay na maihain lahat ng pagkain.

JUNJUN
(Kay JUNIOR.)
Tatay, pasko po ba?...

JUNIOR
Pasko?...

JUNJUN
(Ngingisi.)
Ang dami po kasi nating pagkain...

Titingin si NENENG kay JUNIOR.

SEPA
(Kay JUNJUN.)
Kumain ka na lang...

JUNJUN
(Kay SEPA.)
E, Lola, 'di po ba pasko lang tayo me handa?...

JUNIOR
(Kay JUNJUN.)
Tama na ang tanong… Kumain ka na lang…

Parang walang narinig si JUNJUN.

JUNJUN
(Kay NENENG naman.)
Nanay, bigyan po natin sila Toto ng ulam…
Marami naman po tayong handa, ‘di ba?…

NENENG
Marami ring handa sila Toto…

JUNJUN
E, ‘di bigyan natin sila para bigyan din nila tayo…

(Kay JUNIOR.)
Gano’n po ‘pag pasko, ‘di ba?…

JUNIOR
(Mas matigas ang tinig. Kay JUNJUN.)
Kumain ka na lang…

Ilalagay ni SEPA ang huling plato sa mesa.

SEPA
Maupo ka na NENENG…

Uupo si NENENG sa tabi ni JUNIOR.

JUNIOR
(Kay SEPA.)
Si Tatay?…

Uupo si SEPA. Iaabot kay JUNIOR ang kanin.

JUNIOR
(Habang inaabot ang kanin.)
‘Di ba s’ya sasabay?…

SEPA
Maghapon s'ya sa evacuation center…
Nagpasabi na gagabihin daw s'ya…

JUNIOR
Bakit daw?…

SEPA
Pinatawag kasi ni Meyor…

JUNIOR
Pinatawag ni Meyor?…

SEPA
(Tatango muna.)
Me pag-uusapan daw…
Ibinilin na mauna na tayong kumain…

JUNIOR
Kukulitin na naman s'ya…

SEPA
Siguro… Pero alam nating masaya na ang tatay mo kung nasaan s'ya ngayon…

JUNIOR
(Mapapailing na lang. Aastang nanghihinayang.)
Sana malinawan na si Tatay…

Magkikibit-balikat na lamang si SEPA.

Bibigyan ni NENENG ng ulam si JUNJUN.

JUNJUN
(Kay NENENG.)
Nanay, ano po 'yan?

NENENG
Korn bip…

JUNJUN

Korn bip?...

NENENG
Masarap po ‘yan...

NENENG
Imported ‘yan...

JUNJUN
Imported?...

NENENG
Galing sa ibang bansa?...

JUNJUN
Anong pong bansa?...

NENENG
Galing sa Amerika...

JUNJUN
Amerika?...

NENENG
Galing sa mga kano?...

JUNJUN
A, ‘yong mga mapuputi?...

Tatango si NENENG.

JUNJUN
Ang babait naman nila...

Hindi sasagot si NENENG.

JUNJUN
(Ituturo ang isa pang nakahain.)
E, ‘yon po...

NENENG
Pork en bins...

JUNJUN
Pork en bins…

(Ngingisi.)
E, parang malalaking buto ng sitaw lang
tapos iba pa ang tawag…

(Muling dudukwang upang tingnan
ang iba pang nakahain.)
E, ‘to naman po…

NENENG
Mit lop…

JUNJUN
Ay, puro iba tawag…

NENENG
Lahat nga kasi imported…

JUNJUN
(Magkakamot ng ulo.)
Ang gara ng mga pagkain…

JUNIOR
(Kay JUNJUN.)
‘Di ka ba nagugutom?…

JUNJUN
Gutom po…

JUNIOR
Kumain ka na lang… Tama na ang tanong…

Iismid sa JUNJUN bago tuluyang sumubo.

Saglit na katahimikan.

JUNJUN
Ummm… Ang sarap…

SEPA
Sige, kumain ka lang…

JUNJUN
Lola, sana laging ganito ang ulam…

(Susubo at ngunguya.)
Ayoko na ng tinapa… Maalat…

NENENG
(Kay JUNJUN.)
Kumain ka nang maayos…

JUNIOR
(Kay SEPA.)
Marami ba kayong naitabi?…

SEPA
(Halatang nahihiya.)
Mga ilang karton din…

JUNIOR
E, ang bigas?…

SEPA
Ilang sako rin…

NENENG
(Kay JUNIOR.)
Me nudels din, asukal, at saka sardinas…

JUNIOR
Mabuti naman… Kahit pa'no me pakinabang tayo…

Patlang.

SEPA
(May pag-aalala. Kay JUNIOR.)

‘Di ko alam kung ano ang sasabihin ng Tatay…
Kilala mo naman s’ya…

Hindi sasagot si JUNIOR. Halatang umiiwas. Susubo na lang siya ng kinakain.

Nakakaasiwa ang mamagitang katahimikan.

NENENG
(Hihimasin ang tiyan.)
Sana me gatas para dito…

Katahimikan muli.

NENENG
(Himas pa rin ang tiyan.)
Ay, sumipa…

JUNIOR
Gusto na talagang lumabas…

NENENG
Sana babae naman…

JUNIOR
Ayaw mo na ba?…

Hindi iimik si NENENG.

JUNIOR
Tatlo ang usapan natin, a?…

Patlang.

NENENG
Magastos…

Hahawakan ni JUNIOR ang kamay ni NENENG.

NENENG
(Titingin kay JUNIOR.)
Makakaraos din tayo…

SEPA
Ang ipon n'yo?...

Iiling si JUNIOR.

SEPA
Anong ibig mong sabihin?...

Hindi iimik si JUNIOR.

NENENG
(Kay JUNIOR.)
Sabihin mo na...

SEPA
Anong nangyari?...

JUNIOR
(Nag-aalangang magsalita.)
Hiniram ni Tatay...

SEPA
Hiniram?...

JUNIOR
Ginamit na pampalibing kay Ka Baste...

SEPA
'Di ba me mga abuloy naman
at tulong galing sa muninsipyo?...

JUNIOR
Kulang daw... S'yam ang anak ni Ka Baste...

SEPA
E, bakit sa tatay mo pa umasa?...

JUNIOR
Sino pang aasahan nila?...

Buntonghininga.

SEPA
Bakit ‘di ko alam?...

JUNIOR
Nakiusap si Tatay...

SEPA
Na ‘wag sabihin sa ‘kin?...

JUNIOR
Tulong daw kay Ka Baste...

SEPA
Tulong?...

(May hinanakit sa tinig.)
Patay na tutulungan pa?...

JUNIOR
Ang mga anak ni Ka Baste ang inisip ni Tatay...

SEPA
E, pa’no ang magiging anak mo?...

JUNIOR
E, wala akong nagawa...

SEPA
Sana sinabi mo sa ‘kin kaagad...

JUNIOR
May magagawa ba kayo?...

Hindi kikibo si SEPA.

JUNIOR
Malaki raw ang utang na loob natin kay Ka Baste...

SEPA
Utang na loob?...

JUNIOR
Nagbigay si Ka Baste ng isang baboy
noong kasal ko, ‘di ba?...

SEPA
Ninong mo sa kasal si Ka Baste...

JUNIOR
Utang na loob ‘yong tinanaw ni Tatay...

SEPA
(Titigas ang tinig.)
Mamatay tayong dilat dahil sa utang na loob...

JUNIOR
Pasens’ya na, ‘Nay...
‘Di ko lang ho natanggihan si Tatay noon...

SEPA
E, pa’no ang panganganak ng asawa mo?...

Muling iiling si JUNIOR.

NENENG
Pinakausap ko na nga si Tatay pero wala rin...

SEPA
Alam ko na... Ang dating kuwento...
Walang pambayad ang asawa ni Ka Baste...

(Mapapailing.)
Paano ang panganganak ni NENENG?...
Aba, e, halos lalabas ng ‘yang bata, a...

Tatayo si JUNIOR. Kukuha ng pitsel na may tubig. Aanyong nag-iisip habang sinasalinan ng tubig ang baso niya.

JUNIOR
Me darating pa ba tulong?...

SEPA
Marami pa siguro…
Maraming grupo ang nagpapadala…

JUNIOR
E, me pera ba?…

SEPA
Meron din daw…

JUNIOR
Magkano?…

SEPA
Ewan… Malaki siguro… Usap-usapan, e…
Gagamitin daw sa konstraksyon…
Ipapagawa ang mga nasira…
Pero sa muninsipyo ang daan…

JUNIOR
Ke Meyor?…

SEPA
Malamang…

JUNIOR
Maaanggihan ba tayo?…

SEPA
Ano bang tanong ‘yan?…

JUNIOR
Hindi masama ang umasa…

SEPA
Kahit na…

JUNIOR
Dapat lang na maanggihan tayo…

SEPA
Pinatawag ang tatay mo, ‘di ba?...

NENENG
Sana meron... Bukod sa manganganak na ‘ko, mag-aaral na rin si JUNJUN sa pasukan...

JUNJUN
Nanay, mag-aaral na ako?...

Tatango si NENENG.

JUNJUN
Saan?...

NENENG
Basta...

JUNJUN
E, ‘di ba nasira na ang iskul dito?...

Patlang.

JUNIOR
(Kay JUNJUN.)
Sa bayan... Sa bayan ka papasok...

JUNJUN
Wow!... Talaga, Tatay, sa bayan?...

Bantulot pero tatango pa rin si JUNIOR.

JUNJUN
Marami na tayong pera, Tatay?...

Hindi sasagot si JUNIOR. Iinom siyang muli ng tubig.

Darating si BOYONG. Mukhang hapo at aburido.

Tatakbo si JUNJUN. Sasalubingin si BOYONG at saka magmamano.

JUNJUN

Kain na po tayo, Lolo…
Ang sarap-sarap po ng mga handa natin…

Magmamano rin sina JUNIOR at NENENG kay BOYONG.

Tatayo si SEPA at hahalik kay BOYONG.

SEPA
Kain na…

Uupo si BOYONG.

SEPA
Mabuti't 'di ka inabutan ng ulan…
Kanina pa kumikidlat, e…

Hindi sasagot si BOYONG. Tila may malalim na iniisip.

Kukuha naman si SEPA ng plato, kutsara, at tinidor para kay BOYONG.

Babalik na rin si JUNJUN sa kinauupuan niya.

JUNJUN
Lolo, 'yon korn bip…
Ang sarap n'yan…

Mapupuna na ni BOYONG ang mga nakahain.

JUNJUN
(Ituturo.)
'Yan mit lop…
'Yan naman, pork en bins…

(Magmamayabang.)
Sabi ni Nanay, lahat po 'yan imported…
Basta imported daw po galing sa Amerika…
Galing sa mga taong mapuputi…

Pagmamasdan ni BOYONG ang mga nakahain.

Ilalapag ni SEPA sa mesa ang plato, kutsara, at tinidor para kay BOYONG.

BOYONG
(Kay SEPA.)
Ano ‘to?...

SEPA
Hapunan...

BOYONG
Hapunan?...

SEPA
(Iiwas ng tingin.)
Masarap na hapunan...

BOYONG
Saan ‘to galing?...

SEPA
Kumain ka na... Lalamig ang pagkain...

BOYONG
Gusto kong malaman kung saan ‘to galing?...

Lalagyan ni SEPA ng kanin at ulam ang plato ni BOYONG.

BOYONG
(Pigil ang galit.)
Narinig n’yo ba ‘ko?...

JUNIOR
(Hindi makatingin.)
Bigay ho ng mga konsehal...

BOYONG
Mga konsehal ko?...

JUNIOR
Sabi nila, galing ho sa isang NGOng kano...
Dumating kanina lang...

SEPA

(Maaasiwa.)
Parte mo raw…

BOYONG
(Nagtataka.)
Parte?…

JUNIOR
Para ho sa ‘tin…

Hindi kikibo si BOYONG.

SEPA
(Bantulot.)
Tinanggap ko na…

BOYONG
Bakit mo tinanggap?…

SEPA
Wala namang masama…

Ilalayo o itatabi ni BOYONG ang plato niya.

JUNIOR
Hindi na raw ho nila kayo nahintay…
Akala nila, matatagalan ho kayo ke Meyor…

SEPA
(Halatang laban sa sarili ang sasabihin.)
Me kan’ya-kan’ya na rin sila…
Tig-iilang kahon din…
Bukas na bukas daw, ipapamigay na nila
ang mga ginawang kupon…
Hindi naman nag-uusisa ang mga tao sa evacuation…
Basta me natatanggap, walang problema…

Mapapabuntonghininga si BOYONG.

BOYONG
(Sa sarili.)
Kakausapin ko sila…

Tatayo si SEPA. Dadako sa pamingganan. Aastang may gagawin kahit wala naman.

SEPA
Kung magkaubusan man, kahit papa'no meron na
tayong naitabi para sa 'tin...

JUNIOR
Kung marami pa hong darating, ipunin natin...
P'wede rin ho nating ibenta 'yong iba...
Titiba ho tayo ro'n...

NENENG
Oo, nga ho... Me kakikala kami sa bayan...
'Di ba, JUNIOR?...

Tatango si JUNIOR.

NENENG
Kaklase ho namin noong high school...
Me tindahan sila... Madaling-madaling lang
magbagsak sa kanila... Wala na tayong
magiging problema...

JUNIOR
Kaliwaan daw ho ang usapan...

NENENG
P'wede rin ho nating ipautang sa mga taga-pabrika...

JUNIOR
Me kakausapin lang ho kami sa loob...

NENENG
Sila na ang magkakaltas sa s'weldo ng mga kukuha...

JUNIOR
Maglalagay nga lang tayo...

NENENG
S'yempre dapat me padulas ho...

Matitigilan si NENENG. Parang mahihiya sa sinabi.

NENENG
Malaking pera rin ho ‘yon…

JUNJUN
Yehey!… Marami na kaming pera…

JUNIOR
(Pasinghal.)
Kumain ka lang, JUNJUN…

JUNJUN
(Mapapahiya. Mapapayuko. Hihina ang boses.)
Opo, tatay…

Patlang.

BOYONG
Naiintindihan n’yo ba ang mga sinasabi n’yo?…

SEPA
(Maingat sa pagbitaw ng sasabihin.)
BOYONG, sa panahong ‘to, naisip-isip ko lang,
dapat utak na ang pinagagana…

JUNIOR
‘Tay, minsan lang ho dumating ang ganitong pagkakataon…

(Susubo ng pagkain.)
Panahon na ho para makabawi naman tayo…

Mapapatiim-bagang si BOYONG.

SEPA
Ilang taon ka bang kapitan ng baranggay?…

(Sisinghap.)

Ni hindi ko na nga mabilang ang mga taon dahil sa tagal…

Hindi sasagot si BOYONG.

SEPA
Ilang proyekto na ba ang nasimulan mo?…
Ilang tao na ba ang natulungan mo?…
Ilang taon ka na bang nagpapakatino?…

(Mababasag ang tinig.)
BOYONG, panahon na para isipin mo naman
ang ‘yong sarili at ang ‘yong pamilya…

(Tuluyang babalon ang luha.)
Kailangan pa bang hagupitin tayo ng isa pang bagyo?…

Tatayo si NENENG. Lalapit siya kay SEPA at aaluhin iyon.

Mapapailing si BOYONG.

BOYONG
Hindi ko ‘to inaasahan…

Maaasiwa si JUNJUN. Susubo na lang siya ng pagkain.

Dudukot sa bulsa niya si JUNIOR. Maglalabas ng barya.

JUNIOR
(Kay JUNJUN.)
Pumunta ka ke Aling Asyang…
Eto ang pera… Bumili ka ng kendi…

JUNJUN
Kumakain pa po ako, e…

Titingnan lang ni JUNIOR si JUNJUN.

Kukunin ni JUNJUN ang barya mula sa ama. Saglit pa, mabilis niyang lulunukin ang nginunguya. Pagka-inom ng tubig, magdadali siyang lalabas.

NENENG
(Kay JUNJUN.)

Sumilong ka ‘pag umulan…

JUNJUN
(Mula sa labas.)
Opo, Nanay…

Aandap ang ilawan. Aayusin iyon ni JUNIOR hanggang sa muling bumalik ang liwanag.

Sisimulang ligpitin ni NENENG ang pinagkainan ni JUNJUN.

Baballik si JUNIOR sa dati niyang kinauupuan. Mag-iipon muna siya ng lakas ng loob bago muling magsalita.

JUNIOR
‘Tay, ‘di naman ho siguro magiging masama
kung didiskarte tayo…

(May hinanakit sa tinig.)
Alam n’yo, ‘Tay, lumaki ako sa kant’yaw…

Sabi nila, mahina raw ang tatay ko…
Ang tagal n’yo na raw ho sa p’westo,
‘di man lang kayo marunong kumamkam
ng biyaya…

Oo, ginalang nila kayo bilang guro…
Halos lahat yata ng mga tagarito’y
sa inyo ho natutong sumulat at magbasa…
Maraming nagsikap at naging matagumpay
dahil sa inyo… Pero marami din ho sa kanila
ang naaawa sa kalagayan n’yo…
Sa naging kalagayan natin…
Masyado raw ho kayong patas,
masyadong malinis…

Nang nagtanggalan sa pabrikang pinapasukan ko,
isang tawag n’yo lang dapat maibabalik na ako…
Ang dali-daling kausapin ng may-ari…
Pero wala kayong ginawa para sa ‘kin…
Inisip n’yo ang sasabihin ng ibang tao…

Pero alam n'yo ba ang totoong palagay nila?...
Masyadong lang daw mataas ang ere n'yo...

BOYONG
(Matigas ang tinig.)
Anong gusto mong sabihin ko?...

Mapapayuko si JUNIOR. Mapapailing na lang.

SEPA
(Kay BOYONG.)
Nagpapaliwanag lang ang anak mo...
Sinasabi n'ya lang ang naririnig n'ya...
Wala s'yang masamang intensyon...

NENENG
(Kay BOYONG.)
Iniisip lang ho ni JUNIOR kung ano
ang mga makakabuti sa 'tin...

BOYONG
Ito ba?...

(Itituro ang mga nakahain.)
Ito ba ang mga makakabuti sa 'tin?...

Galit na sasalyahin ni BOYONG ang mga plato.

Tatapon ang mga nakahaing pagkain.

Mabilis na sasaluhin ni SEPA ang galit ng asawa. Pilit niya itong pahihinahunin.

Alam nating pipigilan ni BOYONG ang silakbo ng damdamin niya.

JUNIOR
'Tay...

BOYONG
(Kay JUNIOR.)
Pinalaki ba kita sa maling gawi?...

JUNIOR
'Di ko ho --- ...

BOYONG
Pinalaki ba kita para lang sabihin mo sa 'kin
kung ano ang makababuti para sa 'tin?...

JUNIOR
'Tay, iba na ho ang panahon ngayon...

(Mas titigas ang tinig. May paninindigan.)
Gusto ko lang ho na maging mas praktikal...

BOYONG
Hindi nag-iiba ang panahon...
Ang prinsipyo lang ng tao ang nagbabago...

JUNIOR
Ano pa ho ba ang pagpipilian natin?...
Ang may kainin o mamatay na lang
nang dilat ang mga mata?...

BOYONG
Hindi natin kailangang mamili...
Alam mo ang sagot...

JUNIOR,
'Tay, sinalanta ho tayo ng bagyo...
Ilang taon na kayong retirado...
Nagsara ang pinapasukan kong pabrika...
Mangangangak ang asawa ko...

BOYONG
Makakaraos din tayo...

JUNIOR
Pero nasa posisyon kayo...
Nasa inyo ang desisyon...
Naghihintay ang pagkakataon...

Tatayo si BOYONG. Pagmamasdan ang kabuuan ng tahanan nila.

Sandali pa, hahawakan ni BOYONG ang dingding. Dadamhin niya ang gaspang ng lumang kahoy.

BOYONG
(May hinahon na ang tinig. Kay JUNIOR.)
Pitong taon ka na nang naitayo ko ang bahay na ‘to…

(Patlang.)
Matagal din naming pinag-ipunan ng nanay mo…
Ano ba naman ang mabibili sa s’weldo ko?…
Pitong taon ding nakitira lang kami ng nanay mo…
Walang katiyakan kung may tahanang aariin…
Ngayon ko lang naisip, matibay pala ‘to…

Dito kita unang nakitang umihip ng kandilang
itinusok sa mumurahing keyk sa kaarawan mo…

Dito kita unang nakitang natutong sumubong mag-isa…
Dito kita unang nakitang natutong sumulat…
Dito kita unang nakausap noong sinabi mo sa akin
ang mga pangarap mo sa buhay…
Dito mo sinabi sa aking gusto mo nang mag-asawa…
Dito mo sinabing ipapangalan mo rin sa akin
ang panganay kong apo…

Ang sarap palang isiping maraming mga pangyayari
sa buhay nating dito sa mesang ito naganap…

(May hinanakit ang tinig.)
Pero hindi ko inasahang, dito rin sa tahanang ito
isusumbat mo sa ‘kin ang naging pagpapalaki ko sa ‘yo,
na ipamumukha mo sa ‘kin ang naging silbi
ng pagiging guro ko’t tagapaglingkod ng bayan
sa buhay natin…

Mangingilid ang luha ni BOYONG.

JUNIOR
(Maaantig na rin.)
‘Tay, ‘di n’yo ho ako naiintindihan…

BOYONG
Ako ang ‘di mo naiintindihan…

Lalapit si SEPA kay BOYONG.

BOYONG
(Kay SEPA.)
Alam mo ba ang sinabi ni Meyor sa ‘kin?…

Iiling si SEPA.

BOYONG
Pagkakitaan daw namin ang evacuation center…

Katahimikan.

BOYONG
Naisulto ako…

(Patlang.)
Pagkakitaan ang evacuation center?…

Anong akala n’ya sa ‘kin, oportunistang katulad n’ya?…

(Ikukuyom ang isang kamao niya.)
Sabi n’ya, malaking gatasan daw ang evacuation center…
Sa dami raw ng namatay, nasira, at isasalba,
walang dapat paligtasing pagkatataon…

Madali lang daw paikutin ang mga tulong na darating…
Papeles lang daw ang katapat… Binalanseng numero…
Hawak n’ya raw sa leeg ang mga pipirma…

Malinis na malinis daw ang kalalabasan ng lahat…

Nang kinakausap n’ya ko, iba na ang trato n’ya sa ‘kin…
Parang binayaran na n’ya ko para pumunta ro’n
at makinig at magsabi ng “Opo, Meyor… Opo…”

sa lahat ng mga sasabihin niya...

Parang ‘di s’ya pinanganak sa bayang ‘to...
Parang ‘di n’ya kakilala ang mga namatay,
ang mga bangkay na lumutang at inanod ng ilog...
Parang ‘di n’ya alam o narinig ang mga kuwento
ng dalamhati at trahedya ng mga tagarito...

Isinumbat pa n’ya sa ‘kin ang pagkakaligtas natin...
Pasalamat daw tayo’t ‘di naigupo ang bahay natin...
Pasalamat daw tayo’t ‘di n’ya kinamkam
ang lupang kinatitirikan ng bahay natin...
Pasalamat daw tayo’t ‘di tayo umaasa sa kan’ya...
Pasalamat daw tayo’t kakampi natin s’ya...
Para s’yang poong humihingi ng pagsamba...
Kulang na lang na utusan n’ya kong lumuhod
sa harapan n’ya at humingi ng basbas...

Kung magpaliwanag s’ya sa mga gusto n’yang mangyari,
parang wala tayong mga kababayang nangamatay,
parang makakalimutan natin ang trahedyang sumira
sa mga ari-arian natin... Parang ang mga tulong na
darating ay kan’ya lang at ibabahagi sa mga kapanalig n’ya...
Parang nakalimutan niyang inihalal s’ya ng mga tao
para maglingkod nang walang pag-iimbot...

JUNIOR
‘Di mamakatawid ng gutom ang prinsipyo...

Magdidilim ang pag-iisip ni BOYONG. Sasampalin niya si JUNIOR.

BOYONG
(Bakas ang poot sa kaniyang mukha.)
Walang karangalan sa pangungurakot...

Pahihinahunin ni SEPA si BOYONG.

Dadaluhan naman ni NENENG si JUNIOR.

Iindahin ni JUNIOR ang lakas ng sampal ng ama.

BOYONG

(Kay JUNIOR.)
Ayokong masira ang pamilyang binuo ko…

SEPA
(Maiiyak na.)
Tama na, BOYONG… Tama na…

BOYONG
(Kay JUNIOR.)
Saan tayo magsisimula?… Sa pangungupit
ng mga de lata?…

Hindi iimik si JUNIOR.

BOYONG
Saan tayo magtatapos?… Sa pagkagahaman?…

Kukuha ng isang basong tubig si SEPA. Ibibigay iyon sa asawa.

SEPA
Uminom ka muna…

Tatanggi si BOYONG.

BOYONG
Umuwi ako rito para magbuhos ng hinanakit…
Para humungi ng simpatya…
Pero ‘to pa pala ang sasalubong sa ‘kin…

(Patlang.)
Pareho na rin pala kayo ng takbo ng utak ni Meyor…

JUNIOR
(May panunumbat.)
Alam ho ni Meyor ang ginagawa n’ya…

BOYONG
Tama ka, alam na alam nga n’ya ang lahat…

Inamin n’yang s’ya ang utak ng iligal na pagto-troso…
Nakalbo ang mga bundok dahil sa pagkatuso n’ya…
Nang humagupit ang bagyo, inanod ang lahat…

Sabihin ko raw kung sinong hahatol sa kan'ya?...
Tingga lang daw ang katapat ng huhusga...

Dapat nga raw, tumanaw ng utang na loob
sa kan'ya ang lahat ng mga nakikinabang ngayon...

'Wag ko na raw isipin pang lumapit kay Gobernador
o kay Kongresman... Bayad na raw sila...
Ano nga raw ang sasabihin ng bibig na nabusalan
ng salapi?...

Kapag pumayag daw ako sa gusto n'ya,
ako ang ipapalit n'ya sa puwesto...
Sagot daw n'ya lahat...
Tatamasahin ko raw ang lahat ng mayro'n s'ya...
Abot-kamay ko raw ang buhay na hinahangad ng lahat...
Maging kakampi lang daw ako... Maging kapanalig...

(Muling titigas ang tinig.)
At alam mo ba kung ano pa ang gusto n'yang gawin?...

(Patlang.)
Gusto n'yang sunugin ang evacuation center...

(Tila hindi makapaniwala sa sinasabi.)
Gusto n'yang sunugin ang evacuation center
ngayong gabi...

Mas maraming madadamay, mas maganda...
Pag-uusapan daw sa midya... Maraming maaawa...
Mas dadagsa raw ang tulong...

Kailangang alam ko raw ang lahat...
Kailangang makaligtas daw ako...
Malaki pa raw ang magiging pakinabang ko...

Malaking-malaki raw ang pakinabang
ng mga kakampi...

Magtatama ang tingin ni BOYONG at ni JUNIOR.

BOYONG

(Mapapailing.)
Hindi ko alam kung tao pa ang kausap ko…
Mas masahol pa s'ya sa hayop…

SEPA
(May pagpapakumbaba.)
BOYONG, 'di ko alam…

Mapapayuko na lang si BOYONG.

SEPA
D'yos ko, BOYONG, ano ba 'tong nangyayari sa 'tin?…

Iiling si BOYONG.

SEPA
Isinumpa na yata tayo ng langit…

BOYONG
Hindi d'yos ang may kagustuhan ng lahat…
Tao ang gumagawa ng sarili n'yang kahihinatnan…

Katahimikan.

SEPA
Pa'no na ang evacuation center?…
Ang mga tao?…

Muling kikidlat.

SEPA
Pa'no kung totohanin ni Meyor ang sinabi n'ya?…

Mapapaantanda si SEPA.

BOYONG
Kakausapin ko ang mga konsehal…

SEPA

Anong sasabihin mo?...

BOYONG
'Di ko alam... Siguro... Siguro maiintindihan nila...

SEPA
Mga bata sila ni Meyor...

BOYONG
Hihimukin ko sila... Ngayong gabi...

Tatayo si BOYONG. Aastang aalis.

JUNIOR
(Kay BOYONG.)
'Di na ho sila makikinig sa inyo...

BOYONG
Bakit?... Bingi na rin ba silang katulad mo?...

Iiwas ng tingin si JUNIOR.

JUNIOR
May mga sarili silang pag-iisip...

BOYONG
Pero meron din silang tamang pag-iisip...

Patlang.

BOYONG
Maaaring alam mo na ang buhay...
Alam mo na ang nararapat sa 'yo't sa pamilya mo...
Pero habang nabubuhay ako,
hayaan mong isipin ko kung ano ang nararapat
para sa akin at sa pamilya ko...

'Wag nating guhuin ang sinasandalan nating pader
na pinatatag ng paninindigan...

Tanging ang pangalang malinis ang maipamamana ko...
Tanging ang pangalang may dangal lang

ang maiiwan ko sa ‘yo at sa mga magiging anak mo…

Muling manunumbat ang katahimikan.

Mababasag lang iyon sa humahangos na pagdating ni JUNJUN.

JUNJUN
(Pasigaw. Natatakot.)
Lolo BOYONG!… Lolo BOYONG!…
May sunog!… May sunog po!…

BOYONG
Ano?… Ayusin mo ang sinasabi mo…

JUNJUN
Nasusunog po ang senter…

BOYONG
Ang center?…

JUNJUN
Ang lakas po ng apoy!…

SEPA
(Mababalisa.)
Naku po!… Mahabaging langit…

BOYONG
(Galit nag alit.)
Ang walanghiyang meyor…
Ni hindi nangimi… Walang budhi…

Maliksing kikilos sina BOYONG at JUNIOR. Alam nating pupuntahan nila ang nasusunog na evacuation center.

Biglang kakapit si NENENG kay JUNIOR.

NENENG
JUNIOR, humihilab ang t’yan ko…

(Iindahin ang sakit.)

Aray!... Ang sakit...

Aalalay si JUNIOR, si JUNJUN, at si SEPA kay NENENG.

SEPA
(Kay NENENG.)
Bakit ngayon pa?...

Iuupo nila ang babae.

NENENG
(Mas iindahin ang hilab.)
Ang sakit...

Kakapusin sa paghinga si NENENG.

NENENG
(Pawisan na at mas hirap magsalita.)
JUNIOR, ang sakit...

Mababakas natin ang pagkalito ni JUNIOR.

Maririnig natin ang papalakas na ingay.

Iigting ang panaghoy ng mga tao.

Makikini-kinita na natin ang kaguluhan nagaganap.

Maririnig natin ang paghingi ng tulong.

Hahawakan ni BOYONG sa balikat si JUNIOR.

BOYONG
(Kay JUNIOR.)
Anak, ikaw na ang bahala sa asawa mo...

JUNIOR
Pero nasusunog ho ang evacuation center...

BOYONG
Katungkulan ko ang tumulong sa center…

JUNIOR
'Tay…

BOYONG
Katungkulan mong samahan ang asawa mo…

JUNIOR
Pero…

BOYONG
Ito ang panahon ko… Darating din ang sa 'yo…

Muling dadaing si NENENG.

Pahihinahunin siya ni JUNIOR.

Saglit na iiwan ni SEPA si NENENG.

Lalapit si SEPA kay BOYONG at yayakapin ang asawa. Mahigpit na mahigpit.

Maluluha si SEPA.

SEPA
Mag-ingat ka…

Marahang papahirin ni BOYONG ang luha ni SEPA.

SEPA
Mas naiintindihan na kita…

BOYONG
Salamat…

Mabilis na lalabas si BOYONG. Tingin na lamang ni SEPA ang hahabol sa kaniya.

Sasabayan ni JUNIOR ang paghinga ni NENENG para kumalma iyon.

Matama lamang na nakamasid si JUNJUN.

JUNIOR
(Kay NENENG.)
Sige pa… Hinga nang malalim…
Hinga pa… Isa pa…

Kakalma ang paghilab ng tiyan ni NENENG.

JUNIOR
(Sa anak niyang nasa sinapupunan pa ni NENENG.)
Paglabas mo, isa lang ang ipinapangako ko…
Isang pangalang malinis… May dangal…

Pipikit si NENENG sa saglit na ginhawang madarama.

Lalapit sa may pintuan si SEPA.

Mula sa mukha ni SEPA, makikita natin ang paglaki ng apoy.

Lalapit si JUNJUN kay SEPA. Hahawak ang bata sa matanda. Kapwa sila nakatanaw sa labas.

Saglit pa, magbabanta ang ulan hanggang sa malakas iyong bumuhos.

Mawawala ang panaghoy ng mga tao.

Mapapaantanda si SEPA.

SEPA
Mahabaging langit!…

Aandap ang ilawan pero makikita natin ang kapanatagan sa mukha ng mga tauhang naiwan.

Muling kikidlat at huhugong ang hangin.

Mamamayani ang pagbuhos ng ulan na parang basbas na galing sa langit hanggang sa tuluyang balutin ng dilim ang tanghalan.

Ж

MGA TALA NG MANDUDULA

Ang dula ay tungkol sa isang pamilya at kung paano sila natutong manindigan. Sa panahong hindi nila alam kung ano ang tama sa mali, nanatiling matatag si BOYONG. Bilang haligi ng tahanan, sinikap niyang maging malinaw at makabuluhan ang lahat. Maaaring walang paumanhing hiningi sina SEPA, JUNIOR, at NENENG, pero sa sensitibo nating paglilimi, matitiyak nating higit na mas malalim na pagtanggap ang tumimo sa kanila.

Ang pamilya ang ugat ng lipunan. Kung mabuway ang pundasyon, ano pang uri ng lipunan ang ating aasahan? Ito ang katotohanang pilit na sinasalamin ng dula. Sa pagiging matatag ni BOYONG, matatanggap nating mahuhubog nang tama sina JUNJUN at ang kapatid niyang iluluwal pa lang. Bilang punong-baranggay, muling mabubuhay ang ating tiwala sa mga taong halal ng bayan.

Naganap ang kabuuan ng dula isang gabing nagbabanta ang sungit ng panahon at naghahanda sila para sa isang nakaririwasang hapunan. Kumakatawan ang mga sitwasyong ito sa mga pagsubok sa buhay. Paano nga ba natin sasagipin ang ating mga sarili sa mga unos? Paano nga ba natin binibigyan ng katuwiran ang lahat kapag nagsimula nang kumalam ang ating mga sikmura?

Sinadyang iwanan sa paninimbang ng babasa (o ng manonood) ang kahihinatnan ng pagkasunog ng evacuation center o ng pagiging matigas ni BOYONG. Tanging ang hugong lang ng pag-asa at ang kapanatagang mababakas sa mukha ng mga tauhang naiwan ang mapanghahawakan.

Ang moog ay maaaring kumatawan sa tatlong bagay: una, sa tahanang pilit binuo at pinagyaman ni BOYONG; pangalawa, sa prinsipyong kailan man ay hinding-hindi babaliin ni BOYONG; at pangatlo, sa totoong silbi ng matapat na paglilingkod sa bayan. Pero higit at ibabaw sa lahat, maaaring ang moog ay ang kamulatang uusbong sa mga babasa (o sa mga manood).

Pinag-aralan at ginawang matimpi at halos matulain ang pagbuo at pagsulat sa dula. Wala itong hangaring manumbat o manduro. Hinalaw lang ito sa isang karanasang maraming beses na nating piniling huwag pag-usapan. Pero minsan, mas kinakailangang dutdutin ang nagnanaknak na sugat para matanggal ang nana at kagaw. Matagalan mang gumaling, ikatutuwa pa ring nating abangan ang paghilom.